

Seksyon 4 – Mga benepisyo at serbisyo

Mga benepisyo ng Medi-Cal na saklaw ng PHC

Mga serbisyong outpatient (ambulatory)

Ang Provisional Postpartum Care Extension Program ay papalitan ng bagong Postpartum Care Extension Program.

Ang Programang Provisional Postpartum Care Extension

Ang Programang Provisional Postpartum Care Extension ay nagbibigay ng pinalawig na saklaw para sa mga miyembro ng Medi-Cal habang nagbubuntis at pagkatapos ng pagbubuntis.

Pinalalawig ng Postpartum Care Extension Program ang saklaw ng PHC ng hanggang 12 buwan pagkatapos ng pagbubuntis anuman ang kanilang kita, pagkamamamayan, o katayuan sa imigrasyon at walang karagdagang aksyon na kailangan.

Rapid Whole Genome Sequencing

Ang Rapid Whole Genome Sequencing (rWGS), kabilang ang indibidwal na sequencing at trio sequencing para sa magulang o mga magulang at sa kanilang sanggol, at ultra-rapid sequencing, ay sinasaklaw na benepisyo para sa sinumang miyembro ng Medi-Cal na edad isang taon gulang pababa at tumatanggap ng mga serbisyong pang-inpatient sa ospital sa isang intensive care unit. Ang rWGS ay isang bagong paraan ng pag-diagnose ng kondisyon na napapanahon na ginagawa sa pangangalaga sa ICU sa mga batang edad isang taong gulang pababa.

Iba pang mga benepisyo at programang sinasaklaw ng PHC

Whole Child Model (WCM) Program

Isinasama ng WCM program ang mga saklaw na serbisyo ng programang California Children's Services (CCS) para sa mga karapat-dapat sa Medi-Cal na mga bata at kabataan ng CCS sa PHC. Ang CCS ay isang programa ng estado na gumagamot ng mga batang wala pang 21 taong gulang na may partikular na kwalipikadong kondisyon ng kalusugan, mga sakit o hindi gumagaling na mga problema sa kalusugan na

Tawagan ang Mga Serbisyo sa Customer sa (800) 863-4155 (TTY/TDD (800) 735-2929).

Narito kami Lunes-Biyernes, 8 a.m. - 5 p.m. o bisitahin kami sa www.partnershiphp.org.

nakakatugon sa mga alituntunin ng programang CCS. Kung ang PHC o ang iyong PCP ay naniniwalang ikaw o ang iyong anak ay may kondisyong kwalipikado sa CCS, irefer sila sa programa ng county na CCS para alamin kung kwalipikado. Kung ikaw o ang iyong anak ay natiyak na kwalipikado para sa WCM, makukuha nila ang kanilang pangangalagang CCS sa pamamagitan ng PHC.

Hindi sinasaklaw ng CCS ang lahat ng kondisyon ng kalusugan. Sinasaklaw ng CCS ang karamihan ng kondisyon ng kalusugan na nagbabaldado sa katawan o na kailangang gamutin ng gamot, operahan o rehabilitasyon (rehab). Kabilang sa mga halimbawa ng kondisyong kwalipikado sa CCS ngunit hindil limitado sa:

- Sakit sa puso mula pagkabata
- Mga kanser
- Mga bukol
- Hemophilia
- Sickle cell anemia
- Mga problema sa thyroid
- Diabetes
- Malubha at hindi gumaling-galing na mga problema sa bato
- Sakit sa atay
- Sakit sa bituka
- Biyak ang labi/ngalangala
- Spina bifida
- Pagkawala ng pandinig
- Mga katarata
- Cerebral palsy
- Mga pag-transplant
- Mga kumbulsyon sa ilalim ng ilang pangyayari
- Rheumatoid arthritis
- Muscular dystrophy
- AIDS
- Matitinding pinsala sa ulo, utak o gulugod
- Malubhang paso
- Malubhang sungki-sungking ngipin

Magpapasya ang tauhan ng programa ng county na CCS kung kuwalipikado ang inyong anak para sa mga serbisyong CCS. Kung kuwalipikado ang inyong anak na makakuha ang uring ito ng pangangalaga, gagamutin ng mga provider ng CCS na nagtatrabaho sa PHC ang bata para sa kondisyong kwalipikado sa CCS.

Posibleng makatanggap ka ng transportasyon, pagkain, tuluyan at iba pang gastusin tulad ng paradahan, tolls, atbp. kung ikaw o ang iyong pamilya ay nangangailangan ng tulong para makakuha ng medikal na appointment na nauugnay sa kondisyong kwalipikado sa CCS at walang ibang available na mapagkukunan. Dapat kang tumawag sa PHC bago ka magbayad mula sa sarili mong pera para sa transportasyon dahil nagbibigay ang PHC ng hindi pang-medikal at hindi pang-emergency na transportasyon gaya ng binabanggit sa mga benepisyo at serbisyo. Gayunman, kung binayaran mo ito ng sarili mong pera, posibleng pwede kang makatanggap ng reimbursement mula sa PHC kung maagamo mong binayaran ang kinakailangang mga gastusin sa

Tawagan ang Mga Serbisyo sa Customer sa (800) 863-4155 (TTY/TDD (800) 735-2929).

Narito kami Lunes-Biyernes, 8 a.m. - 5 p.m. o bisitahin kami sa www.partnershiphp.org.

transportasyon. Kung natiyak na kinakailangan ang iyong transportasyon, dapat aprubahan ngPHCat i-reimburse ka sa loob ng 60 araw pagkasumite mo ng kinakailangang mga resibo at dokumento ng mga gastos sa transportasyon.

Tawagan ang Mga Serbisyo sa Customer sa (800) 863-4155 (TTY/TDD (800) 735-2929).

Narito kami Lunes-Biyernes, 8 a.m. - 5 p.m. o bisitahin kami sa www.partnershiphp.org.